Kadalasan, nahihirapan ang mga magulang sa pagkontrol ng kanilang galit kapag ito ay tungkol sa masamang ugali ng bata, at hindi maiiwasang punahin sila. Ang emosyonal na sangkot na ito ang nagpapahirap sa hindi pagpansin sa mga pakikipagtalo ng iyong anak o sa pagpuri ng kanilang pagsunod kapag nangyari na ito. Ngunit, ang hindi pagpansin ang isa sa mga pinakaepektibong paraan na maaaring gamitin.

Ang mga Ugaling Hindi ko Papansinin



Halimbawa:

pagirap at mapanuyang salita

Layunin: Pinapangako kong hindi papansinin ang mga _____
na ugali kapag ito ay nangyayari. Pupurihin ko ang mga _____
na ugali, ang positibong kabaligtaran ng ugaling hindi ko papansinin.




Pagisipan

Sa mga unang panahong hindi pagpansin ng mga masasamang ugali, lalala ito bago bumuti. Mahalagang maging handa at hintayin hanggang matapos ang negatibong panahon na ito. Kapag bumigay ka sa masamang ugali, papalakas mo ang ugaling ito at matututo ang iyong anak na makukuha niya ang gusto niya sa malakas na pagtutol at pagdabog.

Mahalagang maging mahinahon habang hindi namamansin. Magisip ng mga paraang maging mahinahon habang hindi pinapansin ang mga masasamang kaugalian.

Mga Paraang Maging Mahinahon Habang Hindi Namamansin



Halimbawa:

Huminga ng malalim
mga paraang pang-relaks
positibong pagiisip
iwasan ang pangyayari
makinig ng tugtog,

Tandaan, lahat ng mga bata ay nakikipagtalo at nagprotesta para makuha ang kanilang gusto. Hindi ito personal pero larawan ito ng kanilang pagpilit na magsarili at pagsuri ng mga patakaran

Layunin: Ipinapangako kong sasabihin sa aking sarili ang mga sumusunod

kapag nagprotesta ang aking anak.

Paggamit ng Piling Atensyon

Paminsan-minsan, nagpapakita ng positibo at negatibong ugali ang mga bata sa parehong gawain. Halimbawa, ang bata ay sumusunod sa direksyon (positibong ugali) habang umiiyak/nagrereklamo o umiirap (negatibong ugali). Ang Piling Atensyon ay isang paraan kung saan pinupuri o ginagan-timpalaan ng mga magulang ang mga positibong ugali habang hindi pinapansin ang mga negatibo. Ang halimbawa nito ay ang pagpuri sa bata kapag sumusunod siya sa mga direksyon at ang hindi pagpansin sa pagiyak/pagreklamo o negatibong pagkilos. Sa ganitong paraan, matututo ang bata na makakatanggap siya ng positibong atensyon sa mga ilang ugali, pero hindi rin siya makakakuha ng atensyon sa mga ibang ugali (hal: pakikipagtalo)

Pagisipan

Magisip ng mga pangyayaring magiging epektibo ang piling atensyon?




Kailan magiging epektibo ang Piling Atensyon?

Halimbawa: Kapag sumusunod sa direksyon ang bata pero nagbibigay ng masamang ugali, pupurihin ko ang kanyang pagsunod pero hindi ko papansinin ang kanyang masamang ugali

Layunin: Pinapangako kong pupurihin ang mga _____
na ugali habang hindi pinapansin ang mga _____
na ugali.


Mga Punto na Alalahanin Tungkol sa Hindi Pansin

- Iwasang tumingin sa mata at magdiskusyon habang hindi namamansin
- Pisikal na lumayo sa inyong anak pero manatali sa kwarto kung maaari
- Huwag magpahalata sa hindi mo pagpansin
- Maging handa sa mga pagsubok
- Maging masinsin
- Ibalik ang atensyon kapag tumigil na ang masamang ugali
- Ipagsama ang libangan habang hindi namamansin
- Piliin ng mga ugali na hindi papansinin at siguraduhing kaya mo itong hindi pansinin
- Limitahan ang mga ugaling sistematikong hindi papansinin
- Bigyang pansin ang mga positibong ugali ng iyong anak



Mga Punto na Alalahanin Tungkol sa Hindi Pansin

- Iwasang tumingin sa mata at magdiskusyon habang hindi namamansin
- Pisikal na lumayo sa inyong anak pero manatali sa kwarto kung maaari
- Huwag magpahalata sa hindi mo pagpansin
- Maging handa sa mga pagsubok
- Maging masinsin
- Ibalik ang atensyon kapag tumigil na ang masamang ugali
- Ipagsama ang libangan habang hindi namamansin
- Piliin ng mga ugali na hindi papansinin at siguraduhing kaya mo itong hindi pansinin
- Limitahan ang mga ugaling sistematikong hindi papansinin
- Bigyang pansin ang mga positibong ugali ng iyong anak



MGA GAWAING PAMBAHAY PARA SA BUONG LINGGO



Gawin Ang Mga Sumusunod:

- **SA TALAAN NG MGA UGALI** handawt, isulat ang mga ugaling gusto mong makita ng masmadalas at masmadalang.
- **PUMILI NG ISANG NEGATIBONG UGALI** sa listahan na gusto mong masmadalang na makita (katulad ng pagrereklamo o pagmumura), at subukang huwag pansinin ng isang linggo ang ugaling ito.
- Para sa negatibong ugaling pinili mo sa taas, magisip ng **POSITIBONG KABALIGTARAN**. Halimbawa, ang kabaligtaran ng pagsigaw ay ang magalang na pagsasalita, at ang kabaligtaran ng pag-agaw ng mga laruan ay ang pagbabahagi ng mga ito. Kapag nangyari ang mga positibong ugali na ito ngayong linggo, purihin sila.
- **SA TALAAN:** Purihin at Huwag Pansinin, isulat ang mga ugaling hindi mo pinansin, ang mga ugaling pinuri mo, at ang reaksyon ng iyong mga anak.
- **BASAHIN AT KUMPLETUHIN** ang mga handawts tungkol sa pagkontrol ng sarili, pag-usap sa sarili at positibong pahayag
- **GAMITIN ANG PAG-USAP SA SARILI SA MGA MAHIRAP NA SITWASYON** handawt at itala ang mga nakakabalisang isip tuwing nakakaranas ng mga mahirap na sitwasyon, at isulat ang mga alternatibong isip na nakakamahinahon. Dalhin ito sa susunod na pagpupulong.



Basahin:

Basahin ang Kabanata 11, *Pagpigil ng mga Balisang Isip*, sa *The Incredible Years* na libro.

Tandaan: Ipagpatuloy ang espesyal na oras!

Pag-Aralang Kontrolin Ang Sarili

Maraming miyembro ng pamilya ang nahihirapang kontrolin ang sarili kapag nakakaranas ng mga nakakastress na sitwasyon. Ang sabi ng iba madalas silang magalit, mabalisa o malungkot, at madali silang maapektuhan sa mga pangyayari. Ngunit, hindi maganda ang magiging kakalabasan kapag masyadong nalalaman sa mga problema ang mga magulang at sumosobra ang reaksyon nila dito. Baka magsisi sila sa kanilang ginawa o sinabi tuwing sila ay nagagalit. Pagkatapos nila kumalma, maaaring makonsensya sila at iwasang harapin ang mga anak dahil takot silang maulit ang nangyari. Nakakatakot at nakakabalisa sa mga anak na makita ang kanilang mga magulang na mawalan ng kontrol. Natututo ring gayahin ng mga bata ang mga agresibong ugaling ito sa ibang sitwasyon. Ang siklo ng pagsobra sa reaksyon at pagiwas ng mga magulang ay humahadlang sa pagtrato sa mga bata sa isang paraan. Ang pinakamahasag na gawin ay manatiling sa gitna—huwag masyadong magpalamon na wala kang magawa o magalit na sosobra ang reaksyon mo.

Mga Nakakabalising Pagiisip

- “Halimaw ang anak ko. Sumosobra na siya. Hindi siya magbabago.”
- “Pagod na kong maging katulong niya. Kailangan ng magbago kung hindi...”
- “Katulad siya ng kanyang ama”
- “Hindi ko siya kayang pangasiwaan kapag galit siya”

Mga Nakakahinahong Pagiisip

- “Tinitignan ng batang ito kung kaya niyang makuha ang gusto niya. Kailangan kong maging mahinahon at tulungan siyang matutong kumilos ng maayos.”
- “Kailangan kong kausapin si Michael tungkol sa kanyang mga nakakalat na damit. Kung mahinahon naming pag-uusapan ito, maka-karating kami sa magandang solusyon.”
- “Kaya ko ito. May kontrol ako. Natuto lang siya ng mga paraang makakuha ng kontrol. Tuturuan ko siyang kumilos ng mabuti.”

Thought Control

Researchers have demonstrated that there is a relationship between how we think and how we behave. For example, if you view the child in hostile terms (“He is misbehaving because he hates me — he likes to get me upset”), you are likely to become very angry. On the other hand, if your thoughts emphasize your ability to cope (“I’m going to have to help him learn to control himself”), this will help to bring about rational and effective responses. One of the first steps for improving the way you think about your child is to replace upsetting thoughts and negative self-statements with calming thoughts.

Pagsasamahin Ang Lahat

1. Kilalanin at markahan ang iyong mga emosyon kapag una itong nangyari. Bigyan ng atensyon kung ano ang nararamdaman ng katawan mo (halimbawa: paninigas, konting paggalaw, galit, sakit ng ulo)
2. Alamin kung anong mga pangyayari ang nakakainis
3. Piliin ang pinaka-epektibong paraang kontrolin ang iyong sarili at gawin ito.

Mga Hindi Nakakatulong Na Pagiisip

“Laging hindi tumutulong si John. Ako lagi nagtrabaho. Ako nagluluto, ako nag-aayos ng bahay, nagaalaga ng mga bata, lahat. Hay naku! Gusto ko itong itapon sa kanya!”

“Pagkatapos kong magtrabo ng 10 oras, pagod na ko at madaling mainis. Puro abala na lang nakukuha ko pag-uwi. Sumasabat at sumisigaw ang mga bata, at pinipintasan ako ni Joan. Ang gulo ng bahay na ito. Ano ba ang ginagawa niya buong araw? Gusto kong sumigaw o umalis na dito!”

Mga Nakakatulong Na Pagiisip

“Kailangan kong mag-ingat at maging mahinahon. Baka may magawa akong pagsisihan ko. Kailangan ko ng tulong. Kung maayos akong magtanong, baka tulungan ako ni John. Yun ang pinakamabuting paraan. Pagkatapos, baka makaligo at makapagpahinga ako.”

“Hinay-hinay lang. Hinga muna. Kailangan ko ng ilang minuto ng katahimikan para makapagpahinga at makapagbasa ng diyaryo. Baka kung tanungin ko si Joan ng maayos, kakalaruin niya ang mga bata habang nagbabasa ako. Pagkatapos, siya naman ang magpapahinga at ako naman ang maglalaro kasama ng mga bata. Kailangan din niyang magpahinga. Iyon ang pinakamakakatulong na paraan. Narerelaks na ako.”

“Kaya ko ito. Kaya kong maging kontrolado.”

“Sinusubukan lang niya ang galit ko. Kailangan kong maging mahinahon at tulungan siyang kumilos ng mabuti.”


Kausapin Ang Sarili Tuwing May Mga Mahirap Na Sitwasyon

Alamin ang mga mahirap na sitwasyon at ang mga nakakabalisang pag-iisip na mayroon ka ngayon. Isulat ang mga alternatibo at mahinahong pag-iisip na pwede mong gamitin para baguhin ang sitwasyon. Sa susunod na kinakausap mo ang iyong sarili ng negatibo, magbigay ng oras para mag-isip ng positibo. Mamili ng alternatibong kaisipang maaaring gamitin sa mga pangyayari.

Mahirap na Sitwasyon: _____

Nakakabalisang Pag-iisip:

Nakakamahinahong Pag-iisip:



***Magsulat ng sariling positibong salita at
magsanay na gamitin ito ngayong linggo.***



Handawt
Talaan Ng Pag-Uugali

**Mga ugaling gusto kong
makita ng masmadalang:**

(halimbawa: pagsigaw)

**Mga Positibong, Kabaligtaran
na Ugali na masmadalas kong
gustong makita:**

(halimbawa: magalang na boses)

- 1.
- 2.
- 3.
- 4.
- 5.
- 6.
- 7.
- 8.
- 9.
- 10.

- 1.
- 2.
- 3.
- 4.
- 5.
- 6.
- 7.
- 8.
- 9.
- 10.



TALAAN:
Huwag Pansinin at Purihin

Ugaling Hindi Pinansin	Kilos ng Bata
<i>Halimbawa: Pagsigaw</i>	
Lunes _____	
Martes _____	
Miyerkules _____	
Huwebes _____	
Biyernes _____	
Sabado _____	
Linggo _____	
Ugaling Hindi Pinansin	Kilos ng Bata
<i>Halimbawa: Magalang na pagsalita</i>	
Lunes _____	
Martes _____	
Miyerkules _____	
Huwebes _____	
Biyernes _____	
Sabado _____	
Linggo _____	

©The **Incredible Years**[®]

School Age Basic Parent Program

Reducing Inappropriate Behaviors in School-Age Children (Program 10)

PART FOUR **Time Out & Consequences**

14 vignettes, 27 minutes



Carolyn Webster-Stratton, Ph.D.

Video-based instruction for child and family guidance

Copyright 1992, revised 2002, 2007, 2011, 2014, 2019

***** ALL RIGHTS RESERVED *****

Handouts & Refrigerator Notes

Time Out and Consequences



NOTE: The handouts in this section may be kept as master copies and photocopied for reuse with your parent groups. All copyright information must be maintained and you may not alter any of the content on these materials.

These handouts are also available on our website, www.incredibleyears.com (in *Group Leader Resources* section).


Mga Nakapaskil Na Palatandaan Tungkol Sa Time Out



- Maging magalang
- Maging handa sa pagsubok
- Abangan ang mga paulit-ulit na mga nakakatutong na pagsubok
- Huwag pansinin ang mga anak kapag time out
- Suportahan ang paggamit ng iyong kasama ng Time Out
- Sundin at kumpletuhin ang Time Out
- Gamitan ang sarili ng Time Out para mag-relaks at makakuha uli ng lakas
- Dapat hindi nagbabago ang paggamit ng Time Out sa mga masasamang ugali
- Subaybayan ang sarili para maiwasan ang biglang pagpsabog ng galit; magbigay ng mga babala
- Magbigay ng 5-minutong Time Out kasama ng 2 minutong katahimikan sa huli
- Limitahan ang bilang ng mga ugali na gagamitan ng Time Out at gamitin ito sa isang paraan lamang
- Huwag bantaang mag-Time Out kung hindi handang gawin ito
- Gumamit ng hindi marahas na paraan tulad ng pagtanggap ng mga pribilehiyo kapalit ng Time Out
- Ipahiwatig sa mga anak na responsibilidad nilang maglinis ng kanilang kalat tuwing Time Out
- Huwag umasa sa Time Out lamang—gumamit ng mga ibang paraang pang-disiplina katulad ng hindi pagpapansin, lohikang kahihinatnan, at paglutas ng mga problema para sa mga hindi gaanong malalang kilos
- Bumuo ng bank account gamit ang pagpuri, pagibig, at pagsuporta
- Gamitin ang Time Out para sa mga nakakapanirang ugali at sa mga oras na hindi pwedeng baliwalain ang mga kilos ng bata. Magsimula sa pamamagitan ng pagpili ng isang ugaling aayusin. Kapag hindi na problema ang kilos na iyon, pumili ng susunod na ugali.
- Bigyan kaagad ng Time Out ang mga nakakasakit o nakakasirang mga ugali. Ngunit, pwedeng bigyan ng isang babala ang mga bata sa hindi pagsunod.
- Huwag pansinin ang mga hindi naaangkop na ugali katulad ng pagsigaw, pagrereklamo, pagtutukso, pagtutol, pagmumura, o pagdadabog kapag naka-Time Out ang bata.
- Kadalasang purihin ng madalas ang mga positibong ugali

Mga Nakapaskil Na Palatandaan Tungkol Sa Stress At Galit


- Tignan kung ang katawan ay may tensyon. Huminga at mag-relaks o gawin ang mga ehersisyo
- Pagmasdan ang mga negatibong pahayag sa sarili at palitan ito ng mga pampalakas ng loob
- Tanungin ang sarili kung ang nagpapahapit sayo ay talagang mahalaga. Magbabago ba ito sa susunod na linggo? Sa susunod na taon? Kung ikaw ay 70?
- Mag-isip ng mga kahanga-hangang pangyayaring noon o ang iyong mga panaginip para sa kinabukasan
- Sa gitna ng isang gulo, huminga, magpalamig, mag-ing mapaglato, o umalis ng ilang minuto.
- Magpalipas ng oras (maglakad, maligo, o magbasa)



©The Incredible Years®

Mga Nakapaskil Na Palatandaan Tungkol Sa Stress At Galit

- Tignan kung ang katawan ay may tensyon. Huminga at mag-relaks o gawin ang mga ehersisyo
- Pagmasdan ang mga negatibong pahayag sa sarili at palitan ito ng mga pampalakas ng loob
- Tanungin ang sarili kung ang nagpapahapit sayo ay talagang mahalaga. Magbabago ba ito sa susunod na linggo? Sa susunod na taon? Kung ikaw ay 70?
- Mag-isip ng mga kahanga-hangang pangyayaring noon o ang iyong mga panaginip para sa kinabukasan
- Sa gitna ng isang gulo, huminga, magpalamig, mag-ing mapaglato, o umalis ng ilang minuto.
- Magpalipas ng oras (maglakad, maligo, o magbasa)



©The Incredible Years®

Time Out para sa Pagiging Mabagsik

Mga Batang 6-10 ang edad

Pangyayari#1: Bibigyan ng Time Out ang bata

Nanakit ang bata → Utos → Nag-Time Out ang bata. (nakaupo ng 4-5 minuto) → Naging mahinahon ang bata para sa huling 2 minuto



Tinapos ng magulang ang T.O. at kinausap ulit ang bata ← Pinuri ng magulang ang unang positibong kilos ng bata


*"Tapos na ang iyong T.O.
Maaari ka ng maglaro"*

*"Napakabait mo at
nakikibahagi ka."*

Sa una lumalaban ang bata na mag-Time Out

6-10 na Pangpaaralan na Edad

Pangyayari #2B: Sa una, lumaban ang batang mag-Time Out



Lumalaban ang Batang mag-Time Out

6-10 na Pangpaaralan na Edad

Pangyayari #2C: Lumalaban pa rin ang batang huwag mag-Time Out

Nanakit ang bata



Utos



Ayaw ng batang mag-Time Out



Nagbigay ng babala ang magulang.

"Nanakit ka. Kailangan mo ng Time Out"

"Dadagdan ko ng isa pang minuto ang Time Out mo." (Dagdagan hanggang 9 minuto kapag tuluyang lumalaban ang bata)



Pinaliwanag ng magulang ang mga kinahinatnan

"10 Minuto na Time Out mo. Kung hindi ka susunod, hindi ka pwedeng manood ng TV ngayong gabi."



Pinuri ng mga magulang ang unang positibong ugali ng bata



Tinapos ng magulang ang Time Out at kinausap ulit ang anak



Nag-Time Out ang bata

5 minuto + dagdag na oras hanggang 10 min, huling 2 minuto kapag mahinahon na ang bata

"Napakabait mo at nakikibahagi ka."


"Tapos na ang iyong Time Out. Halika na at tignan mo ang ginawa kong dessert."

Tandaan: Kung hindi sumunod ang bata pagkatapos paliwanagin ang mga kinahinatnan, gawin ang parusa at itigil ang Time Out

Lumalaban pa rin ang batang huwag mag-Time Out

6-10 na Pangpaaralan na Edad

Pangyayari #2D: Lumalaban pa rin ang bata na mag-Time Out.



Tandaan: Dapat mangyari ang mga kahihinatnan sa parehong araw



MGA GAWAIN SA BAHAY PARA SA BUONG LINGGO



Gawin:


- **PUMILI NG TIYAK NA MASAMANG UGALING GAGAMITAN NG** Time Out; halimbawa, pakikipagaway o pananakit. Isulat ang kalalabasan sa “Talaan: Mga Utos at Time Out” handawt
- Pumili ng positibong ugali (kabaligtaran ng ugaling gagamitan ng Time Out) at sistematikong bigyan ng pansin ito gamit ang pagpuri, pampal-akas, at salita.
- Ilarawan ang isang sitwasyon kung saan tuluyang kumikilos ng masama ang bata. Subukang suriin kung bakit ito nangyayari. Dalhin ito sa susu-nod na pagpupulong.
- Basahin ang mga handawts tungkol sa mga araw ng pag-aalaga, pag-nawawalan ng control, at may mga bagong problema



Basahin

Basahin ang Kabanata 6, *Time Out* at Kabanata 12 *Time Out mula sa Stress at Galit* sa *The Incredible Years* na libro.

Tandaan: Ipagpatuloy ang espesyal na oras!



Mga Araw Ng Pagalaga

Pagpatibay ng suporta sa pagitan ng magkasama

Ang alitan ng mag-asawa ay nagpapahirap sa epektibong pamamahala ng mga kilos ng mga anak. Ang mga sumusunod na pagsasanay ay may layuning ipagtibay ang inyong relasyon. Mag-isip ng 10-20 “mapag-alagang” kilos na maaaring gawin ng iyong asawa na gugustuhin mo. Tanungin mo ang iyong asawang gawin rin ito. Isulat ang mga kilos na ito sa isang papel at ipaskil ito. Bawat araw, mamili kayo ng isa o dalawang bagay sa listahan at gawin ito para sa isa’t isa. Ang mga pag-aalagang kilos na ito ay dapat (a) positibo, (b) tiyak, (c) maliit, at (d) isang bagay na hindi paksa ng dating away.

Halimbawa: Tanungin kung ano ang ginawa ko sa araw na ito at makinig.
Aloking kunin ang gata o asukal para sa akin.
Makinig sa “mood music” kapag hinahanda ang orasang-radyo para makatulog.
Hawakan ang aking kamay pagtayo ay naglalakad. Masahihin ang likod ko.
Kumuha ng yaya para makalabas tayo.
Hayaan akong magtrabaho hanggang gabi na walang reklamo.
Kumain ng tahimik sa tanghalian na hindi kasama ang mga bata.
Aloking panuorin ang mga bata habang nagluluto ako ng hapunan, basahin ang dyaryo, etc.
Payagan akong matulog ng isang umaga sa Sabado o Linggo.

Sa paggawa ng mga pagsasanay na ito, makakakuha kayo ng talaan ng pagsisikap ng isa’t isa at magiging masmapagmasid kung paano sinusubukang magbigay lugod ng iyong asawa. Napansin namin na ang mga magulang ay kadalasang ibig magbigay lugod sa isa’t isa kapag naiintindihan nila kung ano ang gusto ng asawa at kung mapapansin ang kanilang pagsisikap.

Suporta para sa mga nag-iisang magulang

Kung wala kang asawa, importanteng magkaroon ng mga araw ng pagalaga para sa iyong sarili. Maaari mo itong gawin sa pamamagitan ng paglilista ng mga gawaing nagpapasaya sa iyo na nais mong gawin. Bawat linggo, pumili ng mga bagay sa listahan at gawin ito.

Halimbawa: Kumain ng tanghalian kasama ang kaibigan.
Manuod ng sine.
Magpamasaha.
Magaral ng piyano.
Maglakad sa parke.
Maligo.
Bumili at magbasa ng mga nakakatuwang babasahin

Importante rin para sa mga nag-iisang magulang na may sistemang pangsuyog. Maari itong gawin sa pamamagitan ng pakikipagkita ng mga ibang mga magulang, malalapit na kaibigan, o miyembro ng pamilya. Mga organisasyon, katulad ng Parents Without Partners, grupo sa simbahan, grupong panglibangan, at pulitikal na grupo.

Ano Ang Gagawin Kapag Nararamdaman Mong Nawawalan Ka Ng Kontrol

1. Umalis sa sitwasyon at tanungin ang iyong sarili:
 - Ano ang aking layunin?
 - Ano ang ginagawa ko ngayon?
 - Matutulungan ba nitong marating ko ang aking layunin?
 - Ano ang kailangan kong gawing iba?
2. Magsanay sa mga paraang pang-relaks:
 - Bagalan ang iyong hinga.
 - Magbilang mula 1-10, kung hangga't saan ang kaya, sa isang hinga.
 - Ulitin ang malalim at mabagal na paghinga habang nagbibilang hanggang marelaks ka na.
3. Alaminin ang mga nakakabalisang isip. Palitan ito ng mga alternatibong nakakamahinahong pag-iisip. Halimbawa:

Mga Nakakabalisang Pag-iisip

"Halimaw ang anak ko. Sumosobra na siya. Hindi siya magbabago."

"Pagod na kong maging katulong niya. Kailangan ng magbago kung hindi..."

Mga Nakakamahinahong Pag-iisip

"Tinitignan ng batang ito kung kaya niyang makuha ang gusto niya. Kailangan kong maging mahinahon at tulungan siyang kumilos ng maayos."

"Kailangan kong kausapin si Michael tungkol sa kanyang mga nakakalat na damit. Kung mahinahon naming pag-uusapan ito, makakarating kami sa magandang solusyon."

Handawt

ANO ANG GAGAWIN KUNG MAY MGA BAGONG PROBLEMA

Karaniwan lamang maulit ang mga masasamang ugali kaya maging handa! Kadalasan, ang pagulit ng mga ito ay maaaring naapektuhan ng krisis o pagbabago sa buhay ng pamilya (sakit, kamatayan, bakasyon, bagong trabaho, problema sa pera). Karaniwan, dadalas ang mga hindi naaangkop na ugali ng iyong anak. Ang mga sumusunod ay mga paraan para muling ibalik ang programa.

1. Gumawa ng oras kung kailan hindi ka balisang pagusapan ang problema sa iyong asawa, kaibigan, o pagisipan itong mag-isa.
2. Ipaliwanag sa anak ang mga ugaling gusto at hindi mo gusto.
3. Ilista ang mga problema mula sa pinaka-importante hanggang sa hindi gaanong importante. Harapin muna ang pinaka-importanteng problema.
4. Magisip ng mga solusyon (tignan muli ang handawt):

Pampalakas

(pagpuri, Totoong premyo, paglalaro)

Disiplina

(hindi pagpansin, Time Out, pagkawala ng mga pribilehiyo, paggawa ng mga gawaing bahay, lohikal na kahihinatnan, paglutas ng mga problema)

Mga paraang tutulongang mapanatili ang kontrol sa sarili para sa mga magulang

(pag-usap sa sarili, pagrelaks)

5. Subaybayan ang mga pangyayari sa mga susunod na linggo at palitan ang programa kung kailangan.
6. Ipagpatuloy at palakasin ang iyong pagsisikap

Tandaan: Paminsan-minsan, may hilig ang mga magulang na gumamit ng mga paraang may panandaliang pakinabang (halimbawa: papasunurin ang bata gamit ang pagsigaw, pagnakit, o pagpintas ng bata) na may pangmatagalang kahihinatnan (natututo ang mga batang sumigaw at manakit sa halip na gumamit ng hindi marahas na paraang para makalutas ng problema). Kailangang gamitin ng mga magulang ng maraming beses ang pagpuri at hindi pagpansin upang maiba ang kilos ng bata, at matrabahong gawin ito. Ngunit, sa katagalan, ang mga paraang ito ay tinuturuan ang mga batang kumilos ng nararapat, makakuha ng mga mahahalagang kasanayan para makasundo ang ibang tao, at magkaroon ng positibong larawan ng sarili. Parang paglinis ng ngipin ito—kailagan mong gawin lagi para makita ang mga pangmatagalan na benepisyos!

Pagpapanatili Ng Kawalang-Kinikilingan

Isa pang paraan upang mapanatili ang pagpipigil sa sarili ay tanungin ang iyong sarili tuwing mga panahaon ng tunggali kung ang ginagawa mo ay nakakatulong sa pag-abot ng iyong layunin.


- Ano ang aking layunin? (*Ang ayusin ang ugali at kilos ng aking anak*)
- Ano ang ginagawa ko ngayon? (*Nagagalit*)
- Nakakatulong bang abutin ang aking layunin ang ginagawa ko ngayon? (*Hindi. Nag-aaway kami*)
- Kung hindi, ano ang kailangan kong gawing iba? (*Kumalma at isipin kung ano ang nangyayari at alamin kung ano ang aking gusto*)

Mga Paraang Pang-Relaks

Kailangang matuto ng maraming tao na mag-relaks bago nila makontrol ang mga pahayag sa kanilang sarili. Ang sumusunod ay mga madaling paraan para makapagrelaks ng walang masyadong gagawin.

1. Maging kumportable sa iyong upuan. Ipikit ang mga mata.
2. Pakiramdaman ang iyong paghinga.
3. Bagalan ang iyong paghinga.
4. Habang binabagalan ang paghinga, huminga ng malalim at magbilang ng mabagal hanggang 10, kung kaya, sa isang hinga.
5. Huminga nang palabas na mabagal at magbilang mula 1-10 hanggang maubusan ka ng hinga.
6. Isipin na mahinahon at kontrolado ang iyong sarili
7. Sabihin sa sarili na magaling ang ginagawa mo at umuunlad ka.
8. Ulitin itong malalim at mabagal na paghinga habang nagbibilang hanggang relaks ka na.

Tandaan, may mga oras na mahihirapan kang gamitin ang mga paraang pagpipigil sa sarili. Asahang maaaring maulit ang pagkawala mo ng kontrol sa sarili. Ngunit, magsanay lang ng mabuti at makikita mong masmadadalian kang magrelaks.




Mga Gawain sa Bahay

Talaan: Utos at Time Out

Petsa	Oras	Utos/Babala	Tugon ng Bata	Gantimpala/Dumalo	Time Out Upuan	Silid na Ginamit sa Pagsunod Tagal

Pangyayari #1:

**Panghuli ng Galit:
Sino ang gagantimpalaan para sa anong ugali?**



Pangyayari #2:

***Panghuli ng Pang-iwas:
Sino ang gagantimpalaan para sa anong ugali?***

Magulang:
"Patayin mo na ang TV.
Oras na para matulog"



Bata:
"Hindi ko gagawin iyan.
Nasa gitna ako ng palabas."



Nanunuod pa rin ang
bata ng TV



Sumuko ang Magulang
(inisip sa sarili:
Ayokong gumawa ng eksena):
"Sige. liwan ko siya diyan.
Wala akong Paki alam."

Pagisipan


Mahalagang isipin kung anong ugali ang gagamitan ng Time Out. Sa ganitong paraan, kapag nangyari ang ugaling ito, handa kang magbigay ng Time Out. Importante rin para sa mga bata na malaman kung anong ugali ang magresulta sa Time Out. Magisip ng mga halimbawa nito:



Mga Kilos at Ugaling Gagamitan ng Time Out Para Kumalma

Halimbawa: pananakit sa ibang tao

Siguraduhin kung ano ang tinutukoy mo kapag gagamitin ang salitang pananakit. Kadalasan, gumagana ang pag-iiba ng direksyon o paggawa ng mga distraksyon para maihiwalay ang bata at makapagpokus sa ibang bagay. Ngunit, kailangan alisin ang anak kung marahas at masakit ang pananakit. Bigyan siya ng Time Out at ilagay siya sa isang pwesto kung saan hindi siya makakapanakit ng ibang bata. Tandaan, magsanay ng maaga kung paano kumalma tuwing Time Out sa pamamagitan ng paghinga ng malalim at pagsabi sa sarili ng “Kaya ko ito. Kaya kong kumalma.”






Pagisipan

Pagisipan ang mga positibo at negatibong epekto ng paggamit ng Time Out para kumalma

Isipin ang mga pakinabang ng Time Out at isulat ito sa iyong kwaderno. Isipin ang mga pakinabang ng Time Out at isulat ito sa iyong kwaderno Isulat din ang mga kahinaan.

Time Out para Kumalma



Mga Pakinabang

Mga Kahinaan

Considerations

Pagisipan ang mga pakinabang at kahinaan ng Time Out.

Tignan ang listahan at pansinin kung sino ang makakapakinabang at sino ang makakaranas ng mga kahinaan nito (anak o magulang). Tignan din kung ang mga kahinaang ito ay sandali o pangmatagalan para sa iyo o sa iyong anak.

Pagisipan



Magisip ng mga paraan upang manatiling mahinahon, maging mapilit, at magkaroon ng pasensya kapag ginagamit ang Time Out. Masanay na hamunin ang negatibog pagsalita tungkol sa sarili at palitan ito ng mga positibong pahayag sa sarili at mga makakayang pahayag. Sa iyong kwaderno, isulat ang mga salitang maaaring gamitin kapag nararamdaman mong nagagalit ka. Hamunin ang mga pag-iisip na walang katwiran.

Positibong Salita Para sa Sarili



Kaya ko ito...

Kaya kong pigilin ang aking galit...

Gagamitan ko ng Time Out ang aking sarili...



Challenge irrational thoughts



Pagisipan


Anong mga emosyonal na reaksyon ang nararanasan mo kapag gamit ang Time Out. Kadalasan, nahihirapan ang mga magulang na pigilin ang kanilang galit kapag kaharap ang agresibo o palaban na ugali ng bata, at nahihirapan silang huwag siyang punahin. Ang emosyonal na sangkot na ito ay maaaring pahirapan kayong huwag pansinin ang pakikipagtalo ng iyong anak o purihin siya kapag sumunod siya sa iyong utos. Anong mga paraan ang maari mong gamitin para maging mahinahon ka? Isulat ito sa iyong kwaderno.

Ang mga emosyonal na reaksyon ko kapag nagbibigay ng Time Out	Mga Paraan Upang Manatiling Mahinahon




Pangyayari #3

Panghuli ng Pagmamatuwid: Sino ang gagantimpalaan para sa anong ugali?




Pangyayari #4

***Panghuli ng Pagbibigay:
Sino ang gagantimpalaan para sa anong ugali?***




Paggamit ng Time Out para sa Pagsasanay sa Pagsunod



Mga Nakapaskil Na Palatandaan Sa Pagturo Sa Mga Bata Kung Paano Pigiin Ang Kanilang Galit


- Pansinin kung naiinis at nagagalit na ang iyong anak
- Hikayatin ang iyong anak na pagusapan ang kanyang nararamdaman
- Tulungan ang anak sa pamamagitan ng pagsabing “Sabihin mo sa sarili mo na TUMIGIL, magpamahinahon, at huminga ng malalim ng tatlong beses.”
- Hikayatin ang anak na gumamit ng mga positibong salita sa sarili sa pamamagitan ng pagsabi “Sabihin mo sa sarili mo ‘Kaya kong maging mahinahon; kaya ko itong gawin,’ o “Lahat ng tao nagkakamali; kapag tuluyang ako magsanay, magagawa ko ito”
- Purihin ang iyong anak sa kanyang pagpigil sa sarili at ang kanyang mga angkop na paglabas ng mga damdamin tuwing napapansin mo ito.
- Maging modelo sa pagkontrol ng sarili at sa angkop na paglabas ng damdamin.



©The Incredible Years®


Mga Nakapaskil Na Palatandaan Sa Pagturo Sa Mga Bata Kung Paano Pigiin Ang Kanilang Galit

- Pansinin kung naiinis at nagagalit na ang iyong anak
- Hikayatin ang iyong anak na pagusapan ang kanyang nararamdaman
- Tulungan ang anak sa pamamagitan ng pagsabing “Sabihin mo sa sarili mo na TUMIGIL, magpamahinahon, at huminga ng malalim ng tatlong beses.”
- Hikayatin ang anak na gumamit ng mga positibong salita sa sarili sa pamamagitan ng pagsabi “Sabihin mo sa sarili mo ‘Kaya kong maging mahinahon; kaya ko itong gawin,’ o “Lahat ng tao nagkakamali; kapag tuluyang ako magsanay, magagawa ko ito”
- Purihin ang iyong anak sa kanyang pagpigil sa sarili at ang kanyang mga angkop na paglabas ng mga damdamin tuwing napapansin mo ito.
- Maging modelo sa pagkontrol ng sarili at sa angkop na paglabas ng damdamin.






©The Incredible Years®

Maliliit na Hakbang sa Pagpigil ng Galit



2. Isipin na TUMIGIL



3 Huminga ng mabagal

4 Alisin ang iyong sarili sa sitwasyon

Mga Damdamin

Galit na galit

Mapanlait

Galit

Mapagtanggol sa sarili

Pagkakasala

Lumalayo sa tao

Naiinis

Malungkot

Naiirita

Aburido

Nagaalala

Alisto/Interesado

Handang makatanggap/
Bukas sa

Maimpluwensiya/
Nakakaangkop


Mahinahon

Maligaya

Maytiwala sa sarili

Masaya

Mapagmahal/
Malambing



Pisikal

Pagbilis ng tibok ng puso

Pagsisigaw

Pagsisikip ng mga
kalamnan sa leeg

Pananakit

Pagsikip ng Dibdib

Paghawak ng Mahigpit
sa Kamay

Pagtigas ng bibig

Sakit sa Ulo

Mababaw at mabilis na
paghinga

Pagpapawis

Pagsikip ng mga

Kalamnan/Pagtigas ng
Katawan

Senyas sa paguugali

Paglakad

Pagbubuo ng sakit sa
ulo

Pagbanta

lumalayo sa tao

Ayaw makipagusap

Pagpintas

Nahihirapang makinig

Hindi malawak ang
pagiisip

Hindi bukas sa mga
bagong ideya

Mahinahon

Kaayaaya

Kayang maglutas ng
mga problema

Kayang makinig

Mga Damdamin

Galit na galit

Mapanlait

Galit

Mapagtanggol sa sarili

Pagkakasala

Lumalayo sa tao

Naiinis

Malungkot

Naiirita

Aburido

Nagaalala

Alisto/Interesado

Handang makatanggap
/Bukas sa

Maimpluwensiya/
Nakakaangkop

Mahinahon

Maligaya

Maytiwala sa sarili

Masaya

Mapagmahal/
Malambing

Salita sa Sarili

Galit na galit ako na kaya kong manakit ng tao...
dapat siyang....

Walang hiya siya.

Ano ba ang ginawa ko para...

Hindi ko kasalanan, kasalanan niya...

Para siyang...

Kahit kailan, hindi ako naging ganyan.

Sa tingin ko, mapupunta siya sa kulungan.

Wala akong oras para dito.

Masama akong magulang.

Wala na akong pag-asa. Bakit ako?

Masyado itong nakakapagod.

Hindi gumagana ang pagiging mahinahon.

Walang silbi yung ginagawa ko...

wala na akong magagawa para sa kanya.

Hindi ito nakakatulong.

Kahit anong gawin ko, walang nagbabago.

Binabalik lang niya sa akin. Kaya ito nangyayari sa akin dahil...

Sinabi ng mga magulang ko na isa akong...(pintas).

Ano mangyayari sa kanya kapag nag-dalaga/binata na siya?

Nahihirapan na ako.

Kailangan ko ng sariling Time Out.

Baka masyado marami ang kailangan kong asikasuhin.

Baka hindi ako magaling na magulang/asawa.

Hindi ko yata ito kayang gawin.

Kapag may mga nangyayaring pagbabago, lalala muna ito bago maging mabuti.

Kaya kong baguhin ang aming kinabukasan.

Normal lang mahirapan at mapagod sa isang relasyon.

Hindi naman ito habang-buhay.

Aayos din ang lahat.

Kaya ko ito.

Kaya kong pigilin ang galit ko.

Maaari ko siyang turuan ng...

Nangyayari ang mga problema para matutunan naming ayusin ito.

Kakausapin ko siya tungkol sa...

at magiisip kami ng mga solusyon.

Kaya namin ito; kailangan naming lahat ng mga pagsubok kung saan may matututunan kami.

Lahat ng tao ay nagkakamali.

Tutulungan ko siya sa pamamagitan ng...

ang mga positibong katangian niya ay...

isa akong maalagang magulang dahil sinusubukan kong...

Madalas akong mahinahon.

Masaya ako kung kasama siya, lalo na kapag...

Mahal ko (mahalaga)


©The **Incredible Years**[®]

School Age Basic Parent Program

Reducing Inappropriate Behaviors in School-Age Children (Program 10)

PART FIVE **Logical Consequences**

15 vignettes, 24 minutes



Carolyn Webster-Stratton, Ph.D.

Video-based instruction for child and family guidance

Copyright 1992, revised 2002, 2007, 2011, 2014, 2019

*** ALL RIGHTS RESERVED ***

Handouts & Refrigerator Notes

Logical Consequences



NOTE: The handouts in this section may be kept as master copies and photocopied for reuse with your parent groups. All copyright information must be maintained and you may not alter any of the content on these materials.

These handouts are also available on our website, www.incredibleyears.com (in *Group Leader Resources* section).



MGA GAWAIN SA BAHAY PARA SA BUONG LINGGO



Gawin:

- Ipagpatuloy ang paggamit ng Time Out sa mga agresibong ugali at kilos.
- Gamitin ang prinsipyong “lohikal na kahihinatnan” o pagalis ng mga pribilehiyo o pagbigay ng gawaing-bahay para sa masamang ugaling nangyari sa linggo at isulat ito sa Talaan: Lohikal Na Kahihinatnan handout.
- Mamili ng positibong ugali na sistematikong papansinin sa pamamagitan ng pagpuri, pagbibigay ng gantimpala, at ng mga mabubuting salita.
- Ilarawan ang isang pangyayari kung saan tuluyang hindi kumikilos ng maayos ang bata at pagisipan kung bakit ito nangyayari.



Basahin

Kabanata 7: *Natural and Lohikal na Kahihinatnan sa The Incredible Years.*

Tandaan: Ipagpatuloy ang espesyal na oras!

***Mga Magulang na parang Imbestigador:
Tignan kung ano ang inyong natutunan!***

MGA GAWAIN PARA SA BAHAY PARA SA LINGGO



Gawin:

Gumawa ng listahan kung anong mga paraan ang gagamitin niyo sa mga sumusunod na masamang ugali at kilos na gusto niyong asikasuhin.

Masamang Ugali/Kilos

1. Pananakit at pagtulak
2. Pagtangga sa pagsunod sa mga bilin ng magulang
3. Pagnanakaw
4. Pagsisinungaling
5. Pagtangga sa paggawa ng takdang-aralin
6. Wala sa bahay pagkatapos ng eskuwela sa takdang oras
7. Nagmamarunong/pagtutol
8. Umaayaw sa paggawa ng takdang-aralin
9. Sakit sa tiyan at sakit sa ulo
10. Pagpapabaya at Pabigla-bigla
11. Iniwan ang sala na marumi

Mga Paraang Pangdisiplina

***Mga Magulang na parang Imbestigador:
Tignan kung ano ang inyong natutunan!***

MGA GAWAIN PARA SA BAHAY PARA SA LINGGO



Gawin:

Gumawa ng listahan kung anong paraan ang gagamitin para sa sumusunod na masamang ugali. Magdagdag ng mga ugaling aasikasuhin.

Masamang Ugali/Kilos

12. Pagpintas/Inaaway ang mga kapatid
13. Hindi ginagawa ang mga gawaing-bahay
14. Laging nahuhuli sa bus sa pagpasok sa paaralan
15. Iniiwan ang bisikleta, mga laruan, at iba pang gamit sa labas
16. Pagsabog ng galit/naninigaw
17. Masyadong nanunuod ng TV o paglalaro sa kompyuter
18. Nagtatago ng mga sulat sa guro.
19. Pag-aasal na parang bata
20. Pagtanggap matulog sa gabi
21. Pagtawag sa telepono sa mga kaibigan kahit hindi pa tapos ang mga gawaing-bahay
22. Pagmumura


Mga Paraang Pangdisiplina

Handawt Talaan: Mga Lohikal Na Kahihinatnan

Halimbawa ng Lohikal na Kahihinatnan	Tugon ng Bata
<i>pagalis ng pribilehiyong gamitin ang kompyuter para sa gabi (maaari rin ang TV o telepono)</i>	

Handawt Talaan: Mga Gawaing-Bahay

Halimbawa ng Gawaing Bahay	Tugon ng Bata
<i>30 minutong trabaho (hal. Mag-vacuum sa baba, ayusin ang laundry, hugasan ang mga bintana, magkalakay ng mga dahon</i>	




***Isulat ang mga positibong makakayang pahayag
at pagsanayang sabihin ito ngayong linggo.***

Handawt Pag-Usap Sa Sarili Ukol Sa Mga Mahirap Na Sitwasyon


Alamin ang mahirap na sitwasyon at ang mga nakakabalisang isipin noong panahong iyon. Isulat ang mga alternatibo at nakakamahinahong isip na maaaring gamitin para muling tukuyin ang pangyayari. Sa susunod, kapag ginagamit mo ulit ang mga negatibong pagsasalita sa sarili, bigyan mo ang iyong sarili ng oras para maging positibo at pagisipan ang mga iba pang maari mong gawin para ayusin ang sitwasyon.

Mahirap na Sitwasyon: _____

Nakakabalisang Isip




Nakakamahinahong Isip



Mga Nakapaskil Na Palatandaan Tungkol Sa Natural At Lohikal Na Kahihinatnan

- Gawing angkop sa edad ng bata at makatarungan ang mga kahihinatnan
- Siguraduhing kaya mong mabuhay sa mga kahihinatnan na ginawa mo.
- Gawin kaagad ang mga kahihinatnan.
- Bigyan ng mapagpipilian na kahihinatnan ng bata sa maagang panahon
- Gawing natural at hindi nakakasakit ang kahihinatnan
- Maging mabait at positibo
- Gumamit ng mga kahihinatnan na maikli at direkto
- Mag-alok kaagad ng mga bagong pagkakataong matuto para maging matagumpay

***Tandaan na pagtapos ng
kahihinatnan, magsimula
uli na may bagong paraan.***



Mga Nakapaskil Na Palatandaan Tungkol Sa Natural At Lohikal Na Kahihinatnan

- Gawing angkop sa edad ng bata at makatarungan ang mga kahihinatnan
- Siguraduhing kaya mong mabuhay sa mga kahihinatnan na ginawa mo.
- Gawin kaagad ang mga kahihinatnan.
- Bigyan ng mapagpipilian na kahihinatnan ng bata sa maagang panahon
- Gawing natural at hindi nakakasakit ang kahihinatnan
- Maging mabait at positibo
- Gumamit ng mga kahihinatnan na maikli at direkto
- Mag-alok kaagad ng mga bagong pagkakataong matuto para maging matagumpay

***Tandaan na pagtapos ng
kahihinatnan, magsimula
uli na may bagong paraan.***

